# Makipag-usap sa Eksperto

## Makipag-usap sa Iyong Parmasyutiko

### Bago ka umalis ng parmasyaTINGNAN:

- Kung tama ang pangalan ng pasyente sa label;
- Kung tumutugma ang gamot sa paglalarawan sa label;
- Ang pangalan ng gamot at kung ano ang ginagawa nito;
- Paano at kailan iinumin ang gamot, gaano katagal, at ano ang gagawin kung nakaligtaan mo ang isang dosis;
- Ang mga posibleng side effect at ano ang gagawin kung mangyari ang mga ito;
- Kung ligtas na gagana ang gamot kasabay ng ibang mga gamot at supplement; at
- Kung anong mga pagkain, inumin, o aktibidad ang dapat iwasan habang iniinom ang gamot.

## Alamin ang Iyong mga Karapatan

Inaatas ng batas ng California na makipag-usap sa iyo ang isang parmasyutiko kapag hiniling mo, sa tuwing nakakakuha ka ng **bagong** reseta, at sa tuwing nakakakuha ka ng bagong form ng dosis sa bagong reseta, lakas ng dosis, o mga nakasulat na tagubilin.

Dapat magbigay ang parmasya ng anumang gamot o device na legal na inireseta sa iyo, maliban kung hindi mo mabayaran ang halaga ng gamot o device, o natukoy ng parmasyutiko na ang pagsagawa nito ay labag sa batas, o maaaring nakakapinsala sa kalusugan sa kalusugan ng pasyente. Kung hindi agarang available ang isang gamot o device, makikipagtulungan sa iyo ang parmasya na makuha mo ang iyong gamot o device sa tamang panahon.

Ang mga serbisyo ng interpreter ay available nang libre sa iyo kapag hiniling mo. Maaari mong hilingin sa parmasyang ito ang impormasyon sa presyo ng gamot at paggamit ng mga generic na gamot.

**Ang address at impormasyon sa pakikipag-ugnayan para makapagpadala ang mga mamimili ng anumang reklamo tungkol sa parmasya:**

California State Board of Pharmacy
2720 Gateway Oaks Drive, Suite 100
Sacramento, CA 95833

(916) 518-3100
www.pharmacy.ca.gov

**BE AWARE AND TAKE CARE:**
Talk to your pharmacist!
CALIFORNIA STATE BOARD OF PHARMACY

**Pagsasalin**
**Traducción**
**翻译**
**ਅਨੁਵਾਦ**

**www.pharmacy.ca.gov/publications/ntc.shtml**